# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 4*

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito upang sabihin ang tungkol sa kung paanong gumawa ng tamang pagpapasya at ang kahalagahan ng simbahan sa pagtulong sa mga kasapi at paggabay sa kanila sa paggawa niyon. At kaya sa gayon babasahin pa natin ang tungkol sa mga asal at pag uugali ni Haring David patungkol sa espirituwal na mga pinuno na itinalaga ng Dios sa palibot niya at sa kanya at kung paano siyang naging masunurin sa utos ng Dios sa paggawa ng tamang pagpapasya.
Ating basahin:

***"1 Umalis nga si David doon, at tumakas sa yungib ng Adullam: at nang mabalitaan ng kaniyang mga kapatid at ng sangbahayan ng kaniyang ama, kanilang nilusong siya roon. 2 At bawa't isa na napipighati, at bawa't isa na may utang, at bawa't isa na may kalumbayan ay nakipisan sa kaniya; at siya'y naging punong kawal nila: at nagkaroon siya ng may apat na raang tao. 3 At naparoon si David mula roon sa Mizpa ng Moab, at kaniyang sinabi sa hari sa Moab: Isinasamo ko sa iyo na ang aking ama at aking ina ay makalabas, at mapasama sa inyo, hanggang sa aking maalaman kung ano ang gagawin ng Dios sa akin. 4 At kaniyang dinala sila sa harap ng hari sa Moab: at sila'y tumahan na kasama niya buong panahon na si David ay nasa moog. 5 At sinabi ng propetang si Gad kay David, Huwag kang tumahan sa moog; ikaw ay yumaon at pumasok sa lupain ng Juda. Nang magkagayo'y yumaon si David, at pumasok sa gubat ng Hareth." (1 Samuel 22:1-5 KJV)*** Tulad ng mababasa natin dito na sa palibot ni David ay tinipon ang mga taong nasa kaguluhan, may utang at mga taong hindi nasisiyahan. Ang gayong uri ng mga tao ay mas mabigat sa iyo kung sila ay nasa paligid at gagawing mas mahirap at mas kailangan ang paggawa ng desisyon; Kaya muli upang mapasa simbahan at ang mga namumuno ng imbahan sa palibot mo ay tutulong sa iyo na ayusin ang gayong problema at krisis.
Sa paligid ni David, karagdagan doon ang kanyang mga magulang, na sumama sa kanya at dahil doon ay mas naging mahirap ang kalagayaa. Yaong lahat ng mga tao sa paligid ni David ay naging isang pasanin para sa kanya sa pagsuporta para gumawa ng tamang pagpapasya at lalo na ngayon siya ay tumatakas para protektahan ang kanyang sarili mula kay Saul. Humingi ng pahintulot si David mula sa Hari ng Moab na ingatan ang kanyang mga magulang doon hanggang malaman niya kung anong nais ng Dios na gawin niya gaya ng mababasa natin sa talata 3, ***"hanggang sa aking maalaman kung ano ang gagawin ng Dios sa akin."*** Si David ay nangangailangan na marinig mula sa Dios kung anong kailangan niyang gawin at kung paanong pangasiwaan ang mga tao, ang kanyang mga magulang, ang kanyang mga kapatid at ang sambahayan ng kanyang ama. Hangad ni David na idirekta siya ng Dios na gawin kung ano ang tama upang gumawa ng tamang pagpapasya. Tinupad ng Dios ang kanyang hangarin at ipinadala si Gad ang propeta Niya kay David at inutusan siya na bumalik sa Juda, at sumunod si David gaya ng mababasa natin dito, ***"At sinabi ng propetang si Gad kay David, Huwag kang tumahan sa moog; ikaw ay yumaon at pumasok sa lupain ng Juda. Nang magkagayo'y yumaon si David, at pumasok sa gubat ng Hareth." (1 Samuel 22:5 KJV)*** Makikita rito ang asal ni Haring David kung paanong siyang sumunod sa Panginoon at kung paanong nagpakumbaba siya sa harap ng propeta ng Dios sa pagsunod sa utos. Sa kabaligtaran sa asal ni David ay si Saul na walang pakundungan, at sa pgkapoot sa mga saserdote ng Dios, Kailangan mong maging at kumilos gaya ni David hindi lamang sa paghahangad na marinig sa Dios kundi sumunod at tumugon sa Dios kapag ipinadala Niya ang namumuno na itinalaga Niya sa simbahan Niya upang gabayan ka at idirekta ka kung saan ka yayaon at kung anong gagawin. Kailangang sumunod ni David sa utos ng propeta hindi lamang para sa kanyang kaligtasan kundi gayundin para sa kaligtasan ng mga taong kasama niya at para sa kaligtasan ng kanyang mga magulang at sambahayan ng kanyang ama. * Sa parehong paraan ang iyong pagkamasunurin sa mga utos ng Dios na darating sa iyo sa pamamagitan ng mga pinuno ng simbahan, ang layunin nito ay hindi lamang iligtas ka kundi iligtas ang mga taong kasama mo at patuloy kang gumawa ng maayos. * Mayroon kang pamilya, asawa, mga anak, kapatid, magulang; at lahat ng mga iyon ay mapoprotektahan at maayos na matutustusan kung patuloy kang lalapit sa Dios sa pagiging masunurin sa mga utos na tinanggap mo mula sa simbahan ng Dios at sa mga namumuno ng simbahan na inilagay ka ng Dios.

***"1 At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Narito, ang mga Filisteo ay nakikipaglaban sa Keila, at kanilang ninanakaw ang mga giikan. 2 Kaya't sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, Yayaon ba ako at aking sasaktan ang mga Filisteong ito? At sinabi ng Panginoon kay David, Yumaon ka at iyong saktan ang mga Filisteo, at iligtas mo ang Keila. 3 At sinabi ng mga lalake ni David sa kaniya, Narito, tayo'y natatakot dito sa Juda: gaano pa nga kaya kung tayo ay pumaroon sa Keila laban sa mga hukbo ng mga Filisteo? 4 Nang magkagayo'y sumangguni uli si David sa Panginoon. At sumagot ang Panginoon sa kaniya at sinabi, Bumangon ka at lumusong ka sa Keila; sapagka't aking ibibigay ang mga Filisteo, sa iyong kamay. 5 At si David at ang kaniyang mga lalake ay naparoon sa Keila, at bumaka sa mga Filisteo, at dinala ang***

***kanilang kawan, at pinatay nila sila ng malaking pagpatay. Gayon iniligtas ni David ang mga tumatahan sa Keila." (1 Samuel 23:1-5 KJV)*** Dito mababasa natin na si David ay nabibigatan sa kalagayan ng mga Israelita sa Keila na sinakop ng mga Filisteo, at para ngalan nila nagtanong siya sa Dios ng kung anong kailangang gawin Kailangan nating magkaroon ng pasanin para sa isa't isa at tulungan ang mga nasa mga kaguluhan. Ngunit bago natin gawin iyon kailangan nating magtanong sa Panginoon upang pangunahan tayo sa kalooban Niya gaya ng ginawa ni David. Ang mga taong kasama ni David ay binalaan nila siya na huwag pumunta, dahil ito ay mapanganib na sitwasyon, ngunit pinatunayan niya ang kanilang pagdududa sa pamamagitan ng pagbalik at pagtatanong muli sa Dios. * Kung hindi tayo ipinadala ng Dios at pinahintulutan ang ating paglalakbay hindi tayo aalis. Kung sinabi ng Dios sa atin na kumilos, kung gayon huwag matakot na pumunta maging sa mga mapanganib na lugar, * Gayundin sa parehong paraan; maging sa madaling mga paglalakbay na nais nating gawin, kung hindi ipapahintulot ng Dios iyon sa atin, kung gayon hindi dapat tayong yumaon at hindi dapat tayong tumuloy sa ating paglalakbay ng walang pahintulot ng Dios.
Patuloy nating basahin:

***"6 At nangyari nang makatakas si Abiathar na anak ni Ahimelech kay David sa Keila, na siya'y lumusong na may isang epod sa kaniyang kamay. 7 At nasaysay kay Saul na si David ay naparoon sa Keila. At sinabi ni Saul, Ibinigay ng Dios siya sa aking kamay; sapagka't siya'y nasarhan sa kaniyang pagpasok sa isang bayan na mayroong mga pintuang-bayan at mga haling. 8 At tinawag ni Saul ang buong bayan sa pakikidigma, upang lumusong sa Keila na kubkubin si David at ang kaniyang mga tao. 9 At naalaman ni David na nagiisip si Saul ng masama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiathar na saserdote, Dalhin mo rito ang epod. 10 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Oh Panginoon, na Dios ng Israel, tunay na nabalitaan ng iyong lingkod na pinagsisikapan ni Saul na pumaroon sa Keila, upang ipahamak ang bayan dahil sa akin. 11 Ibibigay ba ako ng mga tao sa Keila sa kaniyang kamay? lulusong ba si Saul ayon sa nabalitaan ng iyong lingkod? Oh Panginoon, na Dios ng Israel, idinadalangin ko sa iyo, na saysayin mo sa iyong lingkod. At sinabi ng Panginoon, Siya'y lulusong. 12 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Ibibigay ba ng mga tao sa Keila ako at ang aking mga tao sa kamay ni Saul? At sinabi ng Panginoon, Ibibigay ka nila. 13 Nang magkagayo'y si David at ang kaniyang mga tao na anim na raan, ay tumindig at umalis sa Keila, at naparoon kung saan sila makakaparoon. At nasaysay kay Saul na si David ay tumanan sa Keila, at siya'y tumigil ng paglabas." (1 Samuel 23:6-13 KJV)*** Narito makikita natin na kahit gumawa si David ng malaking mga bagay para sa bayan ng Keila at iniligtas sila mula sa kanilang mga kaaway sila'y hindi tapat sa kanya. * Makikita mo rito na ang ating pananampalataya ay hindi dapat maitatag sa mga tao at ang pagtitiwala ay hindi hindi dapat maitatag sa ating pagtitiwala sa mga tao kundi sa Dios. Ang ating pagpapasya ay hindi dapat maitatatag sa mga taong pinaglilingkuran natin at hindi dapat nakasalalay sa ating sariling kaunawaan. * Kaya naman dapat palaging tayong umasa sa Dios at sa tulong Niya at gabayan tayo at hindi ng mga tao. Maging ang mga taong pinaglilingkuran natin ay gumawa ng mabuti, maaring silang maging katulad ng mga taong nagtaksil sa atin at gawan tayo ng pinsala at tumayo sa pag alalay sa ating mga kaaway, ang diablo. Ang tuntunin ni David ay malinaw, na siya'y umaasa sa Dios at tanging sa Dios. Nang narinig niya na si Saul ay paparating tinanong niya ang Dios kung si Saul ay darating at ang bayan ng Keila ay ibibigay siya kay Saul. Malinaw na sinagot ng Dios ang kanyang dalawang katanungan at ginabayan siya kung anong kinakailangan niyang gawin. Sinabi ng Dios na si Saul ay darating at ibibigay siya ng bayan ng Keila kay Saul, kaya napagpasyahan niya na kailangan niyang umalis ng Keila.

Ngayon ang tanong ay ito: paanong nagtanong si David sa Dios? ***"6 At nangyari nang makatakas si Abiathar na anak ni Ahimelech kay David sa Keila, na siya'y lumusong na may isang epod sa kaniyang kamay. 9 At naalaman ni David na nagiisip si Saul ng masama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiathar na saserdote, Dalhin mo rito ang epod." (1 Samuel 23:6, 9 KJV)*** Nagtanong si David sa Dios sa pamamagitan ng itinakdang paraan, sa pamamagitan ng pari ayon sa itinakda ng Dios sa Kanyang Salita tulad ng mababasa natin dito kung paano iniutos ng Dios kay Moises kung paano ito gagawin nang itinalaga ng Dios si Josue na mamuno sa Kanyang bayan pagkatapos ni Moises: ***"18 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng Panginoon: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan. 22 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan: 23 At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises." (Bilang 27:18-23 KJV)*** Ipinakumbaba ni David ang kanyang sarili at nagtanong sa saserdote ng kung anong kailangang gawin, Kinailangang tumayo ng hari sa harap ng pari na magtatanong sa kanya mula sa bibig ng Dios. * Sa parehong paraan, kailangan mong ipakumbaba ang iyong sarili tulad ng ginawa ni David dito at kunin ang pagkukusa para magtanong sa mga namumuno ng simbahan para gabayan ka palabas mula sa mga kaguluhan na ikaw ay napapaloob, upang tulungan kang gumawa ng tamang pagpapasya. * Sa Bagong Tipan inilagay ng Dios ang

mga pastor, guro, propeta at evangelista sa simbahan at maaring kang magbukas sa kanila ng iyong mga kaguluhan at humingi ng payo at direksyon sa kanila. * Kailangan mo rin na maunawaan na ang tanging daan upang makita ang lihim na ginawang kasamaan laban sa iyo ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa Dios kung sino ang maghahayag sa iyo at sa Kanyang simbahan kung ano ang ginawa o ginagawa ng masasamang gumagawa laban sa iyo o balak na gumawa ng palihim laban sa iyo.

Ang matutunan din natin mula sa salaysay na ito na ang pari ay hindi pumuta siya mismo kay Haring David at binigyan siya ng mga payo malibang si David ang pumunta sa kanya. * Kaya ang matutunan natin mula dito ay walang saysay na pumunta at payuhan ang mga tao at igiit sa kanila na gawin ang tama kung sila mismo ay hindi lalapit at magtatanong sa atin na sila mismo dahil walang saysay na pumunta at sabihin sa mga tao ang tamang payo kung hindi sila handang magpakumbaba at humingi dahil simpleng hindi sila susunod. * Kaya nga, magpakumbaba at magkusa na tanungin ang mga namumuno ng simbahan na gabayan ka mula sa mga paghihirap na nararanasan mo, at tulungan kang gumawa ng tamang desisyon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ay lumapit sa Dios sa pagsisisi, ipahayag at talikdan ang ating mga kasalanan, at ipinagkakatiwala ang ating sarili ni sa mga tao , o magtiwala sa mga tao, o magtiwala sa atin sariling pang unawa kundi magtiwala nang ganap sa Dios.

Ating ipangako ang ating sarili na ipagbigay alam ang ating buhay sa simbahan na inilagay Niya sa atin upang matulungan tayo sa ating mga pakikibaka at sa mga kritikal na pagpapasya na kailangan nating gawin.

Makisalamuha tayo sa simbahan at sa mga pinuno ng simbahan na tutulong sa ating mga pasanin at tutulong sa atin na ayusin ang ating dilemma at ang krisis na ating pinagdadaanan at akayin tayo na kunin ang tamang pagpapasya.

Ipangako ang iyong sarili na hangaring marinig mula sa Dios at sumunod at tumugon sa Kanya kapag ipinadala Niya ang pinuno na inilagay Niya sa Kanyang simbahan upang gabayan tayo at iderikta tayo kung saan tayo pupunta at kung anong gagawin.

Ipangako ang iyong sarili na maging masunurin sa mga utos ng Dios na ibinigay sa iyo sa pamamagitan ng mga namumuno ng simbahan, na ang layunin nito ay hindi lamang iligtas ka kundi iligtas ang mga taong kasama mo; ang iyong pamilya, ang iyong asawa, ang iyong mga anak, ang iyong mga kapatid at mga magulang, at panatiling kayong lahat na maayos na gumagawa.

Ating ipangako ang ating sarili bilang isang simbahan na maging handa na gabayan ang mga tao at ang mga kabilang sa kanila sa kanilang pagsisikap na gumawa ng tamang desisyon.

Ipangako ang iyong sarili na magkaroon ng pasanin para sa isa't isa at tulungan ang mga nasa kaguluhan gaya ng paghingi sa Panginoon na patnubayan ka sa kalooban Niya ng kung anong kailangang gawin upang tulungan sila.

Ipangako ang iyong sarili na kung hindi ka ipinadala ng Dios at pinayagan ang iyong mga paglalakbay kung gayon huwag umalis.

Ipangako ang iyong sarili na kung sinabi ng Dios sa iyo na kumilos, kung gayon huwag matakot na pumunta kahit sa mapanganib na mga lugar.

Ipangako ang iyong sarili na ang iyong pananampalataya ay hindi dapat itatag sa mga tao at ang iyong tiwala ay hindi dapat itatag sa iyong pagtitiwala sa mga tao kundi sa Dios lamang. Ang iyong pagpapasya ay hindi dapat maging batay sa iyong opinyon sa mga taong pinaglilingkuran mo, ni nakasalalay sa iyong sariling pang-unawa.

Ipangako sa iyong sarili na dapat kang laging umasa sa Dios at sa Kanyang tulong at patnubay sa iyo at hindi sa mga tao; dahil ang mga taong pinaglilingkuran at ginagawa mong mabuti, baka sila rin ang mga taong magtataksilan sa iyo at gagawa sa iyo ng masama at paninindigan sa suporta sa ating kaaway, ang diablo.

Ipangako ang iyong sarili na magtanong sa Diyos kung sino ang tanging isa na magbubunyag sa iyo kung ano ang ginawa o ginagawa ng masasamang gumagawa laban sa iyo o nagbabalak na gawin laban sa iyo nang palihim.

Tayo ay manalangin…

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita*

*sa mensaheng ito na ipinakita sa akin kung paanong pinapatnubayan ako sa paglalagay sa akin sa iyong simbahan at sinasabi sa akin sa pamamagitan ng mga pinuno ng simbahan na inilagay mo sa palibot ko na ibigay ang iyong Salita at idirekta sila sa kung saan kailangan Kong pumunta.*

*Ipahayag at talikdan ang iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong pagtitiwala sa tao at sa iyong sariling pang unawa. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang tulungan ang iba; ang mga nasa kaguluhan. Talikdan ang iyong pagmamalaki at ang iyong kawalang kahandaang magpakumbaba at humingi ng payo mula sa simbahan at sa mga pinuno ng simbahan. Talikdan ang paggawa ng iyong sariling kagustuhan at plano. Panginoon Aking ipinahayag at iwinaksi ang mga sumusunod na mga kasalanan __________________.*

*Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili sa mga alintuntunin na Aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na magbunga ng higit na bunga ng Banal na Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na tulungan ang mga tao na nasa kaguluhan at makipagtulungan sa simbahan upang abutin ang naliligaw at ibigay ang iyong Salita sa sanglibutang nakapalibot sa amin.*

*Panginoon tulungan mo ako, at gabayan ako palabas mula sa sumusunod na kaguluhan at krisis sa aking buhay*

__________________

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ibinigay ang kanilang buhay sa iyo upang paglingkuran ka at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan at alalayan sila bilang ipinakumbaba nila ang kanilang sarili at makinig sa aming mga tagubilin na dumadating mula sa iyo.*

*Panginon dalangin namin bilang isang simbahan at ipinangako ang aming sarili na patuloy na patnubayan at gabayan ang mga kapatiran ng iyong Salita at ayon sa iyong kalooban at ng iyong plano sa kanila. Panginoon hinihiling namin sa iyo na tulungan at pangunahan kami sa bawat desisyon na aming gagawin, na ikaw ay naroroon kasama namin at upang akayin kami sa gitna ng iyong kalooban. Panginoon bigyan mo kami ng kaunawaan at iligtas mo kami sa lahat ng pakana ng diyablo at ng mga gawa nito laban sa amin. Panginoon hinihiling namin sa na muling puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, pag eebanghelyo, paggawa ng mga bagong disipulo, pagsasanay sa mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 4. 1 Samuel 22:1-5, 1 Samuel 23:1-13.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com